Magsabi ka na walang Diyos kundi si Allāh, sasaksi ako para sa iyo sa pamamagitan niyan sa Araw ng Pagbangon

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa tiyuhin niya: "Magsabi ka na walang Diyos kundi si Allāh, sasaksi ako para sa iyo sa pamamagitan niyan sa Araw ng Pagbangon." Nagsabi ito: "Kung sakaling hindi mamintas sa akin ang Quraysh, na magsasabi: 'Nagtulak lamang sa kanya roon ang pagkaligalig,' ay talagang magpapagalak ako sa pamamagitan niyan sa mata mo." Kaya nagpababa si Allāh (Qur'ān 28:56): {Tunay na ikaw ay hindi pumapatnubay sa sinumang inibig mo, subalit si Allāh ay pumapatnubay sa sinumang niloloob Niya.}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Hiniling ng Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) sa tiyuhin nito na si Abū Ṭālib, noong siya ay nasa mga hapdi ng kamatayan, na bigkasin niya na walang Diyos kundi si Allāh, upang mamagitan ito para sa kanya sa pamamagitan niyon sa Araw ng Pagbangon at sumaksi ito para sa kanya ng pagkaanib sa Islām, ngunit umayaw siya na bumigkas ng pagsaksi dala ng pangamba na mang-alipusta sa kanya ang liping Quraysh at magsabi ito tungkol sa kanya: "Tunay na siya ay umanib sa Islām dahilan sa pangamba sa kamatayan at kahinaan." Kaya nagsabi siya sa Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan): "Kung hindi dahil sa pagpintas na iyon, talaga sanang nagpapasok ako ng galak sa puso mo sa pagsabi ng pagsasaksi at nagpaabot ako sa iyo sa mithi mo nang sa gayon malugod ka!" Kaya pinababa ni Allāh (napakataas Siya) ang āyah na nagpapatunay na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi nagmamay-ari ng kapatnubayan sa pagtutuon sa Islām, bagkus si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) – tanging Siya – ay nagtutuon sa tama sa sinumang niloloob Niya, at na ang Propeta (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) ay nagpapatnubay sa nilikha sa pamamagitan ng pagtuturo, paglilinaw, paggabay, at pag-aanyaya tungo sa landasing tuwid.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65069